Mensahe Labing-isa

## Sina David at Abigail Sumasagisag sa Nakikipagdigmang Kristo at Nakikipagdigmang Ekklesia

Babasahin sa Kasulatan: 1 Sam. 25:2-42; Efe. 5:25-27; 6:10-13; Apoc. 19:7-9, 11-21; Heb. 6:19; 10:19-20; 13:13

**I. Ang 1 Samuel 25:1b-44 ay isang talâ ng pakikitungo ni David kina Nabal at Abigail:**

A. Sa kapitulong ito ay makikita natin ang karunungan ni Abigail sa pagpapayapa kay David—bb. 23-31.

B. Si David ay tumugon sa pagsumamo ni Abigail sa pamamagitan ng pagpapala kay Jehovah, na siyang nagsugo sa kanya upang salubungin siya, at sa pamamagitan din ng pagpapala sa kanya, na pinigilan siyang pumasok sa pagdanak ng dugo at sa paghihiganti ng kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang sariling kamay—bb. 32-35.

C. Ang kagandahan at karunungan ni Abigail ang bumighani kay David, at pagkamatay ni Nabal ay kanyang kinuha siya bilang kanyang asawa, at siya ay naging kapareha niya sa pakikipagdigma—bb. 36-44.

**II. Si David ay sumasagisag sa nakikipagdigmang Kristo sa gitna ng mga pagdurusa—b. 28:**

A. Isinasagisag ni David ang Panginoong Hesus bilang isang tao sa Kanyang pagdurusa bago ang Kanyang pagkabuhay na muli; ang pagdurusa ni David ay para sa paglupig ng mga mapangamkam na kaaway at sa pagtatamo ng mabuting lupain, ang batayan para sa pagtatayo ng Diyos—Awit 69:1-9.

B. Ang pagkakatatag ng Diyos kay David ay nakikita sa kanyang mga paulit-ulit na pagtatagumpay sa mga Filisteo; kaya, siya ay isang sagisag ng mandirigmang Kristo—2 Sam. 5:17-25.

C. Sapagkat si Jehovah ay ang Mandirigmang nakikipagbaka sa labanan para sa atin at nananagumpay sa lahat ng ating kaaway, Siya ang ating pagwawagi, ang ating tagumpay—Exo. 17:8-16.

D. Inihahayag sa Awit 110:5-6 na karagdagan sa pagiging Hari at Saserdote, si Kristo ay ang Mandirigma:

1. Sa araw ng Kanyang poot sa Kanyang pagbabalik, si Kristo ay magiging pinakadakilang Matagumpay, dinadaig ang lahat ng bansa, dinudurog ang mga hari at ulo ng mga kaaway, at isinasagawa ang paghahatol sa lahat ng mga sumasalungat sa Kanya—bb. 1-2, 5-6.
2. Ayon sa Apocalipsis 19:11-14, sa Kanyang pagbabalik si Kristo ay magiging ang nakikipagbakang Isa:
    a. Ang Panginoon ay hindi mag-isang makikipagbaka laban kay Antikristo at sa mga hukbo ng mga bansa.
    b. Si Kristo ay darating kasama ang Kanyang kasintahang babae bilang Kanyang hukbo, at kasama siya Siya ay makikipagbaka laban kay Antikristo at sa kanyang mga hukbo—bb. 7-9.

E. Ang Mandirigmang Kristo ay ang matagumpay na Kristo—Juan 12:31; Efe. 4:8; Heb. 2:14:

1. Sa Kanyang panlupang ministeryo ay tinalo ng matagumpay na Kristo ang diyablo at winasak ang kanyang mga gawa—Mat. 4:1-11; 1 Juan 3:8.

2. Sa Kanyang pagkapako sa krus ay pinalayas ng matagumpay na Kristo ang pinuno ng sanlibutang ito, pinuksa ang diyablo, sinanhi ang mga pinuno at mga awtoridad na maalis, at pinawalang-saysay ang kamatayan—Juan 12:31; Mat. 27:51; Heb. 2:14; Col. 2:15; 2 Tim. 1:10.
3. Ang pagkabuhay na muli ng matagumpay na Kristo ang nagdeklara na Siya ay matagumpay sa kamatayan—2:8.
4. Sa Kanyang pag-akyat sa langit ang matagumpay na Kristo ay "dinalang bihag yaong mga nabihag"; pinalaya Niya tayo mula sa mapangamkam na kamay ni Satanas at dinala tayo sa pinakamataas na lugar sa sansinukob—Efe. 2:6; 4:8.
5. Ang matagumpay na Kristo ay darating bilang isang nakikipagbakang Heneral, ang Mandirigma, kasama ang Kanyang hukbo upang labanan si Antikristo, ang mga hari sa ilalim niya, at ang kanilang mga hukbo sa Armageddon—Apoc. 19:11-21.

**III. Si Abigail ay sumasagisag sa nakikipagdigmang ekklesia sa gitna ng mga pagdurusa—1 Sam. 25:2-42:**

A. Magmula sa 1 Samuel 25, si Abigail ay palaging nasa tabi ni David na mandirigma at sumunod sa kanya sa kanyang mga digmaan—bb. 40-42:

1. Ang pagpapakasal ni Abigail kay David ay sumasagisag sa pagpapatalâ ng ekklesia bilang isang hukbo para sa pakikidigma—Efe. 6:10-20.
2. Si Abigail ay sumasagisag sa nakikipagdigmang ekklesia, nakikipagbaka para sa kaharian ng Diyos sa gitna ng mga pagdurusa—Apoc. 1:9; 11:15; 12:10.

B. Ang sagisag ni Abigail ay naglalarawan sa ating pangangailangang maging kaisa ni Kristo sa Kanyang mga pagdurusa—Fil. 3:10; Col. 1:24; Apoc. 1:9:

1. Ang mga paghihirap ni Kristo ay may dalawang kategorya: yaong para sa pagsasakatuparan ng katubusan, na kinumpleto ni Kristo Mismo, at yaong para sa pagbubunga at pagtatayo ng ekklesia, na kailangang mapunuan ng mga apostol at mga mananampalataya—Col. 1:24.
2. Ang katunayang binanggit ni Pablo ang mga paghihirap ni Kristo kaugnay sa pagkakatiwala ng Diyos ay nagpapahiwatig na ang pagkakatiwala ay maisasagawa lamang sa pamamagitan ng pagdurusa—b. 25:
   a. Kung nais nating makibahagi sa pagkakatiwala ng Diyos, dapat tayong handang magdusa—Apoc. 1:9; 2 Cor. 1:3-6.
   b. Lahat ng mga nakikibahagi sa paglilingkod ng ekklesia o sa ministeryo ay dapat handang makibahagi sa mga paghihirap ng isang pagkakatiwala; nangangahulugan ito na dapat tayong laan na magbayad ng anumang kinakailangang halaga upang tuparin ang ating pagkakatiwala—4:10-12; Juan 12:24-26.

C. Ang sagisag ni Abigail ay naglalarawan sa pakikibahagi ng ekklesia sa Panginoong Hesus sa espiritwal na pakikipagdigma—Efe. 6:10-20:

1. Ang ekklesia bilang kapareha ni Kristo, ang Kanyang kasintahang babae, ay inihayag sa Efeso 5:25-27, at ang kaparehang ito ay nagiging ang mandirigma, ang manlalaban, sa Efeso 6:10-13:
   a. Ang Efeso 5 at 6 ay matutupad sa Apocalipsis 19.
   b. Ang kabuuan ng mga mandaraig ay magiging kasintahang babae upang maging kapareha ni Kristo (bb. 7-9), at ang kaparehang ito ay magiging hukbo ni Kristo upang talunin si Antikristo sa Armageddon (bb. 11-21).

2. Hindi lamang dapat maisakatuparan ang walang hanggang layunin ng Diyos at mabigyang kasiyahan ang kanaisan ng Kanyang puso, bagkus ang kaaway ng Diyos ay dapat matalo; para dito, ang ekklesia ay dapat maging isang mandirigma—Efe. 1:11; 3:9-11; 6:10-12.
3. Ang espiritwal na digmaan ay kinakailangan sapagkat ang kalooban ni Satanas ay laban sa kalooban ng Diyos—Mat. 6:10; 7:21; Isa. 14:12-14:
    a. Ang espiritwal na digmaan ay may pinagmulan nito sa labanan sa pagitan ng dibinong kalooban at ng makasatanas na kalooban.
    b. Bilang ekklesia, ang ating pakikipagbaka ay ang supilin ang makasatanas na kalooban at ang talunin ang kaaway ng Diyos—Apoc. 12:11.
4. Si Satanas ay takot na takot sa ekklesia bilang Katawan ni Kristo, ang sama-samang mandirigma na nakikipagbaka laban sa kanya at sa kanyang kaharian—A. A. 6:10; Efe. 6:10-20.
5. Pakakasalan ni Kristo ang isa na sa loob ng mga taon ay nakikipagbaka laban sa kaaway ng Diyos—Apoc. 19:7-9, 11-16.
6. Ang mga mandaraig na bumubuo ng kasintahang babae ni Kristo ay nakikipagbaka laban sa lahat ng kaaway ng Diyos at ginagapi sila upang ipasok ang kaharian ng Diyos—2:7, 11, 17, 26; 3:5, 12, 21; 11:15; 12:10.

**IV. Ang sagisag ni Abigail ay naglalarawan sa isang mananampalataya na nagtutungo kay Hesus sa labas ng kampo, binabatá ang Kanyang pagkadusta—Heb. 13:13:**

A. Ang ating buhay-Kristiyano ay may dalawang aspekto—isang panloob na aspekto at isang panlabas na aspekto—6:19-20; 13:13:
1. Ang panloob na aspekto ay isinasagisag ng Sulamita, at ang panlabas na aspekto ay isinasagisag ni Abigail—A. A. 6:4, 10, 13; Heb. 13:13.
2. Sa isang panig, tayo ay nasa loob ng tabing, sa Kabanal-banalan; sa kabilang panig, tayo ay nasa labas ng lunsod, ang kampo, sa harap ng mga tao—6:19-20; 13:13.
    a. Sa panloob, nagtatamasa tayo sa nabuhay na muling Kristo, at sa panlabas, sumusunod tayo kay Hesus—6:19; 13:13.
    b. Kapag nahihipo natin ang Panginoon sa panloob na silid, sa Kabanal-banalan, sa lihim na lugar, tayo ay maihahalintulad sa Sulamita—10:19-20; A. A. 1:4; 4:10; 6:13.
    c. Kapag nagpapatotoo tayo para sa Panginoon at gumagawa para sa Panginoon sa ating panlabas na pamumuhay, tayo ay maihahalintulad kay Abigail na lumilibot kasama ni David sa ilang—1 Sam. 25:40-42.

B. Araw-araw ay mararanasan natin ang dalawang aspektong ito—Heb. 6:19-20; 10:19-20; 13:13:
1. Tayo ay nasa loob ng tabing bilang Sulamita, namumuhay sa Kabanal-banalan at nagtatamasa sa nabuhay na muli at naluwalhating Kristo, at tayo ay nasa labas ng kampo bilang Abigail, namumuhay sa sanlibutan at sumusunod sa mababang Hesus—6:19-20; 13:13.
2. Tulad ng Sulamita at ni Solomon, tayo ay nananatili sa mga palasyong garing at nakikipagsalamuha sa Panginoon sa panloob, at tulad ni Abigail, tayo ay panlabas na namumuhay at gumagawa sa pamamagitan ng pagsunod kay David sa digmaan at pagdurusa—Awit 45:8; 1 Sam. 25:40-42.

3. Ang Isang nasa loob natin ay ang nabuhay na muling Kristo, at ang Isang nasa labas ay si Hesus na Nazareno—Apoc. 1:17-18; Mat. 2:23.
4. Sa panloob, taglay natin ang pagtatamasa ng Sulamita sa lihim na lugar, at sa panlabas, tayo ay may hayagang pamumuhay ni Abigail.

C. Kapag ang isang mananampalataya kay Kristo ay lumalabas mula sa loob ng tabing, ang panloob na silid ng pagsasalamuha, makakayanan niyang kunin ang daan ng krus at sumunod sa nagdurusang Hesus—Heb. 6:19; 10:19-20; 13:13:
   1. Tanging ang mga pumapasok sa tabing ang makatutungo kay Hesus sa labas ng kampo at makababatá ng Kanyang pagkadusta—6:19; 10:19-20; 13:13.
   2. Ang nabuhay na muling Kristo sa loob natin ang nangunguna sa atin upang sumunod sa nagdurusang Hesus—b. 13.
   3. Tinahak ng Panginoong Hesus ang daan ng krus at pumasok sa pagkabuhay na muli, at ngayon ay pinangungunahan Niya tayo, ang Kanyang Abigail, upang tahakin ang daan ng krus at sumunod sa Kanya sa labas ng kampo, binabatá ang Kanyang pagkadusta—b. 13.

*© 2021 Living Stream Ministry*